IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol. 2, Isyu 5, May 2007

Pagpapabasbas at Pagmamano

Sa pagbabasbas ng bahay, pangunahin pa rin sa Katolikong Pilipino ang pagpapalayas sa masasamang espiritu kaysa anupamang malalim na doktrina ng pagpapagunita sa diwa ng binyag. Mas maraming tubig pambasbas, mas mabuti. Hindi sapat ang minsanang basbas at wisik. Hangga't maari, bawat sulok ng bahay ay magalugad ng pari. Bukod sa bahay at mga banal na larawan, lahat na yata ng uri ng sasakyang panlupa, pangtubig, pandagat o panghimpapawid ay pinababasbasan. Pati passport ng mga gusting mangibang bayan at kumukuha ng visa. Karaniwan na rin sa Katolikong Pilipino ang magpabasbas ng mismong sarili, hindi lang kapag maysakit. Kasama na rin ang magpapaopera, mangingibang-bansa, mag-eeksamen, atbp. Antabay ng Banal ang lagging hiling ng sinumang humihingi ng basbas. Kalakip nito ang malakas na pagtitiwala sa basbas na nagbibigay ng kapayapaan ng kalooban. Kung kakaibang lakas at kapangyarihan ang taglay ng Banal, walang dahilan kung bakit hindi maaaring maranasan ang lakas ng kapangyarihang ito sa mga anumang bagay na mahaplos ng Kabanalan.

Basbas din ang hinihingi natin kapag tayo'y nagmamano. Pero higit na mahalaga ditto ay ang pagpapahayag ng paggalang sa mga nakatatanda at pagkilala sa kanilang awtoridad bilang mga magulang. Isang gawaing banal para sa atin ang gumalang sa nakatatanda. * LNP

KUNG ANO ANG PUNO AY SIYA RING BUNGA

Ni Bro. Ernie Perez

Pagtuunan natin ng pansin ang kasabihang ito na siyang umuugnay at pasalin-salin sa bawat pamilya dito sa ating nayon; "Kung ano ang puno ay siya ring Bunga." Mapalad ang isang bata na habang siya ay lumalaki ay mabuti ang kanyang pagkabunga dahil galing siya sa mabuting puno.

Nakalulungkot isipin na maraming pamilya ang nabubuhay sa hindi wastong pamamaraan ng pagkahubog sa loob ng pamilya. Kabi-kabila ay agad mapapansin ang mga bagay na dapat bigyan ng pansin ng mga magulang.

1. Pinababayaan ang mga anak na abutin ng hating-gabi sa lansangan.
2. Walang turong paggalang sa matanda at kapwa kaya sa mismong lansangan maririnig ang pabalang na pag sagot sa magulang.
3. Ang pagdarasal ng Orasyon sa pagsapit ng takip-silim ay naglaho na na hinalinhan ng mga panoorin sa telebisyon ng walang pag gabay ng magulang.
4. Ang magulang na hindi nagsisimba ay nagbubunga ng anak na hindi nagsisimba kaya pumapasok ng simbahan tuwing Binyag, Kasal at Libing.

Nabago na ang ating kapaligiran at ang ating Parokya ay 26 na taon na, subalit marami ang hindi pa rin tumatalima sa turo ng Simbahan. Ito ang tamang panahon upang ating pagtuunan ng pansin ang mga bagay na kaya nating baguhin, upang ang mga darating pang bunga ng pamilya ay mahubog ng tama at wasto. Maki-isa sa tawag ng Diyos!

Huwag nating sayangin ang biyayang kaloob sa atin ng Diyos at huwag nating balik-balikan ang mga puno na ang ibinubunga ay hindi wasto. Alalahanin nating kailangang mayroon tayong ipagsusulit, pagdating ng tawag ng ating Panginoon sa kabilang buhay.*



Ang larawan ni Maria na ipininta ni San Lukas at dinala ni Tomas ang Apostol sa India noong AD 52. Hanggang ngayon ay laganap ang debosyon kay Maria sa pamamagitan ng larawang ito na nasa altar ng Church of Mound St Thomas sa Madras, India, kung saan pinatay at naging martir si Tomas alang-alang sa pananampalataya.

Ang debosyon kay Maria ay nagmula pa noong panahon ng mga Apostol. Saanman mapunta ang mga alagad ay itinuturo na kilalanin si Maria bilang ina sapagkat siya ay inihabilin ni Hesus bilang atin ding Ina.*

"Behold, your Mother"

John 19:27

Sinasamba ng mga Katoliko si Maria, ay isang kasinungalingan na ginagamit ng mga anti-Catholics laban sa simbahan. Ang maling paratang na ito ay malaon nang lumaganap upang alisin ang papel na ginampanan ni Maria sa Kasaysayan ng Kaligtasan. *



International pilgrim statue of Mother Mary of Fatima wept in 1946, Cova on a pilgrimage to Lisbon. *

Kabanalan ng Kaparian!
Kabanalan ng Sambayanan!

Ang milagrong ito ay naganap sa Naju, Korea noong April 2, 1991. Ang imahen ng Mahal na Ina ay natagpuang umiiyak ng dugo. Sa kasaysayan ng Simbahang Katoliko, napakaraming imahen ni Maria ang ibinabalitang umiiyak. *

Virgin Mary Statue Crying Blood of Tears in Sacramento, California is getting worldwide attention. *



March 20, 2003, Reuters ang nagbalita na ang imaheng ito ng Mahal na Birhen ay umiiyak ng dugo bilang mapayapang mensahe laban sa napipintong pagsiklab ng digmaan laban sa Iraq. Nangyari ito sa Caracas, Venezuela. *

Pope John Paul II

Summer Youth Camp May 2007

Muling magkakaroon ng Youth Camp sa buwang ito, level 2, para sa mga kabataang sumailalim sa unang Youth Camp. Sila ang mga inaasahang lider-kabataan ng ating parokya. *

Weeping Medjugorje Statue in Italy is Deemed 'Inexplicable" by Church experts report. Document concludes there's no human explanation for Italy's weeping Madonna. Rome (AP)

A review of the probe into a statue of the Madonna said to have shed tears of blood a decade ago concluded that the phenomenon has no human explanation, a newspaper reported Sunday. *



Real photo of apparition of Mother Mary. April 2, 1968, Blessed Virgin Mary appeared different forms over the domes of the Coptic Orthodox Church named after her St Zeitoun, Cairo, Egypt. *

Garabandal is a small place in Northwest Spain. On June 18, 1961, Mother Mary appeared to 4 girls Mari Loli Mazon(12), Jacinta Gonzalez(12), Mari Cruz Gonzalez(11) and Conchita Gonzalez(12).Conchita asked Mary to show a sign to make others believe in the apparition and the message.As thousands of pilgrims were witnessing a Sacred Host descend from heaven on the tongue of Conchita, on July 18, 1962. A photographed miracle! *

In Via delle Benedettine, Italy, a new great Eucharistic miracle happened on November 11, 1999. A host that had been previously put by Our Lady on the chalice of the white statue of the Mother of the Eucharist, bled; it was the 9th time that the Eucharist bled in the thaumaturgical place. *

FLORES DE MAYO

Tuwing buwan ng Mayo ay ating isinasagawa ang Flores de Mayo, ang pag-aalay ng bulaklak araw-araw at pagdarasal ng Rosaryo sa hapon. Ito ay pinangungunahan ng mga Hijas de Maria.

Ang bulaklak ay sagisag ng kagalakan at pagmamahal. Kung ginagamit sa patay ito'y sagisag ng pagmamahal at pag-aalaala. Ito ang panahon n gating pagpapasalamat sa ating Ina na patuloy na kumukupkop sa ating lahat. Ito rin ang panahon n gating pagbibigay parangal sa ating Mahal na Ina.

Sa darating na Mayo 30, 2007, araw ng Miyerkules, ang Flores de Mayo ay gaganapin sa ating parokya. Matapos ang prusisyon ay ang Banal na Misa ng sambayanan. Mga awiting papuri sa ating Mahal na Ina ay ating matutunghayan habang ang prusisyon ay lumalakad, tanda ng ating pamimintuho.

Halinang maki-isa, sa ating Mahal na Ina tayo ay mag-alay ng bulaklak at dasalin ang Rosaryo tanda n gating pagkaka-isa! *

Mensahe:

Flores de Mayo ang turing sa buwang ito, kasabay ng Eleksyon para sa mga mamumuno sa ating sambayanan. Dalhin nawa natin ang pagka-Kristiyano sa halalan!

Fr. Lidas S. Pomar